# EHEKUTIBONG BUOD

Mula 2016 hanggang 2021, ang Lumalagong Sosyohan sa Negosyo ng APEC-Canada (ang "Sosyohan") ay naghangad na bumuo ng kapasidad para sa mga micro, small and medium enterprise (mga MSME, mga negosyong may napakaliit, maliit, panggitnang laki) sa pagpapaunlad ng mga ekonomiya sa rehiyon ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC, Pagtutulungan sa Ekonomiya ng Asya-Pasipiko). Mithiin ng Sosyohan ang pagbuo ng kapasidad ng mga MSME tungo sa pinakamithiin nitong itaguyod ang pagbawas ng kahirapan at mapapanatiling paglago ng ekonomiya sa rehiyon ng APEC. Kinikilala ng Sosyohan ang pangunahing papel na ginagampanan ng mga MSME sa direktang pagkakaloob ng mga oportunidad sa kabuhayan sa mga lokal na populasyon sa mga ekonomiya ng APEC, habang nag-aambag din sa pangkalahatang paglago ng ekonomiya sa rehiyon. Nagpatupad ang APF Canada ng apat-na-taong programang nakatuon sa pananaliksik, pagsasanay, at pagtuturo sa mga MSME na may pinakamithiin ng paghahandog ng mga kasangkapan sa pinakamahusay na gawain, ideya, kaalamang nakapalibot sa pagtataguyod ng paglago ng ekonomiya at pagbawas ng kahirapan.

Habang ang mga MSME ay may napakalaking potensyal na makamit ang mga mithiing ito, nahaharap ang mas maliliit na negosyo sa mga hamon sa kanilang paglago at tagumpay. Nagsumikap ang Sosyohan na buuin ang kapasidad ng mga MSME sa apat na pangunahing larangan: teknolohiya at inobasyon, puhunang tao, pag-access sa merkado, at pagnenegosyong nakatuon sa pagpapabuti ng lipunan. Ngayon, sa paghuling taon nito ng pagpapatupad, habang ang mga MSME sa rehiyon ng APEC ay nahihirapan sa mga pangmaikling panahon at pangmatagalang epekto ng pandemyang COVID-19, higit pang pinag-aaralan ng Sosyohan ang pananaliksik at mga aktibidad sa mismong lugar na isinagawa sa Indonesia, Peru, Pilipinas at Vietnam, na may mithiin ng paglalarawan ng mga hamon bago ang pandemya na nakaharap ng mga MSME, at pagtukoy sa mga puwang at priyoridad para sa panahon ng "bagong normal" sa panahon ng pandemyang COVID-19. Sa ulat na ito, nilikom ng Sosyohan ang pinakamahuhusay na gawain nito at leksyong natutunan sa mga aktibidad sa mismong lugar at sa pakikipagtulungan sa iba't ibang stakeholder ng proyekto kabilang ang mga pamahalaan, network ng mga negosyo, akademya at higit sa lahat, mismong mga MSME.

Binibigyang-diin sa capstone na sulatin sa patakarang ito ang mga pangunahing natuklasan sa patakaran at rekomendasyon mula sa kabuuan ng siklo ng pagpapatupad ng Sosyohan bilang pagtugon sa anim na pangunahing larangang tampok sa kumperensya para sa capstone ng proyekto. Ang mga tema ay ang mga sumusunod:

1. Pagtataguyod ng Inklusibong Paglago

2. Pagsuporta sa mga Negosyanteng Kababaihan at Kabataan

3. Pagtulong sa Digital na Pagbabago ng mga MSME
4. Pagtiyak sa Pag-access ng mga MSME sa Pagpipinansya
5. Pagtitiyak sa Pag-access sa mga Serbisyong Sumusuporta sa MSME
6. Paghimok sa mas Malawak na Pag-access sa Merkado

Bilang pagtugon sa mga temang ito, tampok sa sulating ito ang mga natuklasan mula sa karanasan sa pagpapatupad ng Sosyohan sa mismong lugar sa Indonesia, Peru, Pilipinas, Vietnam, at pagsusuri sa mga dataset ng survey ng proyekto sa pagitan ng mga bansa. Layunin ng sulating ito ang paghahambing sa pagitan ng mga karanasan ng mga negosyante sa pagpapatakbo ng isang MSME sa apat na pinagtutuunang ekonomiya ng Sosyohan, at sa katangian ng lugar kung saan sila nagpapatakbo. Sa paggawa nito, ang sulating ito ay nagkakaloob ng mga rekomendasyon sa patakaran para sa pagbuo ng kapasidad ng MSME sa pagsulong, sa panahon ng at pagkatapos ng pandemyang COVID-19.

Ang mga rekomendasyon sa patakaran sa ulat na ito ay batay sa katibayang qualitative at quantitative na hango mula sa mga aktibidad sa mismong lugar ng Sosyohan at mga dataset ng survey sa bansa. Ang mga rekomendasyong ito ay ginagabayan ng mga panrehiyong pananaw at balangkas ng patakaran para sa MSME, partikular na ang APEC SMEWG Strategic Plan para sa 2020-2025 at ang Putrajaya Vision 2040.

Kabilang sa mga pangunahing rekomendasyon sa patakarang ipinagkakaloob sa ulat na ito ang mga sumusunod:

1. Pagtataguyod ng Inklusibong Paglago: Ang pag-uusap sa pagitan ng mga pamahalaan, MSME at iba pang pangunahing stakeholder ay kritikal para makamit ang inklusibong pagtugon sa krisis at mapapanatiling daan tungo sa pagbangon. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga pangangailangan ng maliliit na negosyo ay tinutugunan sa pamamagitan ng mga planong aksyong pinagsusumikapan tungo sa pangmatagalang pagbangon ng ekonomiya.

2. Pagsuporta sa mga Negosyanteng Kababaihan at Kabataan: Ang higit pang pagbuo ng kapasidad, mga network ng kaalaman at pagkolekta ng magkakahiwalay na data ay kailangan upang matugunan ang mga sistemikong hadlang na naglilimita sa pagbibigay ng kapangyarihang pang-ekonomiya sa mga kababaihan at kabataan.

3. Pagtulong sa Digital na Pagbabago ng mga MSME: Ang mga tagagawa ng patakaran ay dapat suriin ang mga umiiral na pagsusumikap ng mga MSME na isama ang digital na pamamaraan sa modelo ng kanilang negosyo, at magbigay ng karagdagang suporta para sa pagsasa-digital, gaya ng mas matatag na imprastruktura ng ICT at pagpapahusay ng kasanayan sa paggamit ng social media.

4. Pagtiyak sa Pag-access sa Pagpopondo: Dapat gawin ng mga pamahalaan ang pag-access sa pagpipinansya at sa iba`t ibang mekanismo ng pagpopondo na lubos na alam at maa-access, at nakatuon sa natatanging pangangailangan ng mga MSME at negosyante (hal., ayon sa laki ng negosyo, industriya, kasarian at edad). Maaaring masuri ang mga pangangailangang ito sa pamamagitan ng pagkolekta ng data.

5. Pagtitiyak sa Pag-access sa mga Serbisyong Sumusuporta sa MSME: Hinihikayat ang mga pamahalaang mamuhunan ng higit pang mapagkukunan sa marketing o pagpapalaganap ng impormasyon hinggil sa mga sumusuportang programa at serbisyo sa MSME, at pagdirekta ng mga mapagkukunang ito sa mga negosyanteng kababaihan at kabataan.

6. Paghimok sa mas Malawak na Pag-access sa Merkado: Ang mga negosyante at MSME ay dapat suportahan ng mga kumikilos sa pamahalaan sa pagkakaroon ng karanasan sa pandaigdigang merkado at pagpapalawak ng kanilang mga merkado sa ibang bansa. Kasama rito ang pamumuhunan sa malinaw na pagtataguyod ng mga pandaigdigang oportunidad, at pagpapahusay ng kasanayan ng mga negosyante na lumahok sa mga pandaigdigang merkado.